# Pahayag para sa Press

Naka-embargo hanggang 0830 Maynila (00:30 UTC) ika-2 ng Enero 2024

# S&P Global Philippines Manufacturing PMI®

## Bumagal ang paglago ng sektor ng pagmamanupaktura sa Pilipinas noong Disyembre

### Mga pangunahing nalaman

Bumagsak ang pagdami ng mga bagong order sa pinakamababang naitala sa loob ng apat na buwan

Nanumbalik ang pagpapalawak ng aktibidad sa pagbili

Lalong bumagsak ang bilang ng mga manggagawa

Nag-ulat ang sektor ng pagmamanupaktura sa Pilipinas ng higit pang paglago sa pagtatapos ng taon. Sinuportahan ng mga pagdami ng output at mga bagong order ang pinakabagong pagbuti ng mga kundisyon ng pagpapatakbo. Nanatiling matatag ang pagdami ng output, at nagpakita ito ng tuloy-tuloy na pagdami ng mga bagong order. Bukod pa rito, dinagdagan ulit ng mga nagmamanupaktura ng produkto ang kanilang aktibidad sa pagbili, kasunod ng unang pagbagsak ng pagbili ng input sa loob ng 15 buwan noong Nobyembre. Dahil dito, nadiskaril ang mga pagtaas sa dalawang pinakamalaking sub-component ng PMI noong Disyembre, dahil bumagal ang pagdami ng output at mga bagong benta. Katamtaman lang ang pagdami ng mga pumapasok na bagong trabaho at ito ang pinakamabagal na naitala sa loob ng apat na buwan, kasabay ng paghina ng mga kundisyon ng demand.

Bukod pa rito, hindi natambakan ng mga gawain sa trabaho ang mga nagmamanupaktura at nabawasan nang husto ang kanilang mga backlog noong Disyembre. Dahil dito, at sa pagbagal ng pagdami ng mga bagong order, lalo pang binawasan ng mga producer ng mga produkto sa Pilipinas ang bilang ng kanilang mga manggagawa. Samantala, tumindi ang mga pressure sa inflation sa pinakamataas na naitala sa loob ng tatlong buwan, at malaki rin ang itinaas ng mga pasaning gastos.

Ang headline na S&P Global Philippines Manufacturing PMI® – isang composite na single-figure na indicator ng performance ng pagmamanupaktura – ay bumagsak sa 51.5 noong Disyembre mula sa 52.7 na pinakamataas na naitala sa loob ng siyam na buwan noong Nobyembre. Nagpahiwatig lang ang headline index ng katamtamang pagbuti sa mga kundisyon ng pagpapatakbo, at pinakamahina iyon sa loob ng tatlong buwan.

Ang pangunahing nagdulot ng pagbagal sa buong sektor ang kapansin-pansing pagbagal ng pagdami ng bagong order. Naging pinakamabagal ang pagdami sa kasalukuyang apat na buwan ng paglago at katamtaman ito sa pangkalahatan. Bukod pa rito, pinagtuunan ang pagdami ng kabuuang benta sa loob ng bansa habang humina ang demand sa mga pandaigdigang merkado ng export, at nag-ulat ang mga nagmamanupaktura ng bago at matinding pagbaba ng bagong benta ng export noong Disyembre.

Gayundin, bumagal din ang paglago ng output sa pagmamanupaktura. Kahit na bumagal ito sa pinakamabagal na naitala sa loob ng tatlong buwan, nanatiling matatag ang pagdami ng output, at sinuportahan ito ng tuloy-tuloy na pagdami ng mga

Philippines Manufacturing PMI

sa, >50 = paglago simula noong nakaraang buwan




Mga Pinagmulan: S&P Global PMI.

Ang data ay nakolekta noong 06-15 Disyembre 2023.

### Komento

*Bilang komento sa data ng survey sa Philippines Manufacturing PMI, ipinahayag ni Maryam Baluch, na Ekonomista sa S&P Global Market Intelligence, na:*

*"Natapos ang taon nang may isa na namang paglago sa buong sektor ng pagmamanupaktura sa Pilipinas. Patuloy na dumami ang output at mga bagong order, bagama't sa mas mabagal na rate. Umaasa rin ang mga kumpanya na tataas ang produksyon sa susunod na taon. Talagang tumaas ang kumpiyansa sa pinakamataas na naitala mula pa noong Agosto. Bukod pa rito, dinagdagan ng mga kumpanya ang kanilang aktibidad sa pagbili noong Disyembre bilang paghahanda sa mas maraming bagong order.*

*"Gayunpaman, ang lalong pagkaunti ng mga tauhan pa rin ang pangunahing alalahanin sa sektor. Nagdulot ng mga redundancy ang patunay ng sobrang kapasidad at pagbagal ng pagdami ng bagong order. Bukod pa rito, bumagsak ang dami ng export sa unang pagkakataon sa loob ng tatlong buwan, at bumagsak ang pangkalahatang pagdami ng bagong order sa pinakamababang naitala sa loob ng apat na buwan. Ang mahinang demand mula sa mga merkado sa ibang bansa at mahihigpit na kundisyon sa pagpapahiram sa buong bansa ang magsisilbing hadlang sa pagpasok natin sa 2024. Dahil dito, inaasahang hindi masyadong magiging banta ang mga pressure ng inflation ngayon kumpara noong simula ng 2023, kahit pa bumilis ito noong Disyembre."*



© 2024 S&P Global

bagong order. Dahil sa lalo pang pagdami ng mga kinakailangan sa produksyon, nagkaroon ng bagong pagdami ng aktibidad sa pagbili kasunod ng unang pagbagsak na naitala sa loob ng 15 buwan noong Nobyembre.

Binanggit din ng mga kumpanya ang dumaraming problema pagdating sa supply kung saan tumagal ulit ang mga average na lead time noong Disyembre. Sinasabing ang pagsisikip at mas matagal na paghahatid ng mga import ang naging dahilan ng mga pagkaantala. Bukod pa rito, sukdulang humina ang performance ng vendor sa loob ng limang buwan.

Gayunpaman, dahil bumagal ang pagdami ng mga bagong order, patuloy na nabawasan ng mga kumpanya ang kanilang mga backlog. Bumagsak ang hindi pa tapos na trabaho sa loob ng anim na magkakasunod na buwan noong Disyembre. Dahil sa patunay ng sobrang kapasidad sa sektor, binawasan ng mga nagmamanupaktura ang kanilang mga tauhan. Bumagsak ang bilang ng mga may trabaho sa sektor ng pagmamanupaktura sa Pilipinas sa ikalawang magkasunod na buwan, at naging mas mabilis ito.

Pagdating sa mga presyo, bagama't mahina sa buong kasaysayan ang mga pressure ng inflation, nakapagtala ng mga pagtaas sa inflation ng presyo ng input at singil sa output. Ang pagtaas ng presyo ng fuel, materyal, at shipping ang itinuturong dahilan ng pagtaas ng mga pasaning gastos. Dahil dito, tinaasan ng mga kumpanya ang mga presyo nito sa pagbebenta. Ang mga rate ng inflation ang pinakamatinding naitala mula pa noong nagsimula ang ikaapat na quarter.

Sa pagtanaw sa hinaharap, nanatiling matatag ang kumpiyansa sa negosyo ng mga nagmamanupaktura sa Pilipinas. Bagama't bahagya lang itong tumaas mula noong Nobyembre, tumaas ang antas ng kumpiyansa sa pinakamataas na naitala sa loob ng apat na buwan. Napatindi ng pag-asang mapabuti ang mga kundisyon ng demand at ng mga plano para sa mas maraming marketing campaign ang optimismo.



Mga Pinagmulan: S&P Global PMI, Philippines Federal Reserve.

## Makipag-ugnayan


Maryam Baluch
Ekonomista
S&P Global Market Intelligence
T: +44-13-4432-7213
maryam.baluch@spglobal.com

SungHa Park
Corporate Communications
IHS Markit
T: +82 2 6001 3128
sungha.park@spglobal.com


Kung hindi mo gustong makatanggap ng mga balita mula sa S&P Global, mangyaring magemail sa katherine.smith@spglobal.com. Upang mabasa ang aming patakaran sa privacy, mag-click dito.

**Pamamaraan**

Ang S&P Global Philippines Manufacturing PMI® ay kinakalap ng S&P Global mula sa mga buwanang questionnaire na ipinapadala sa mga purchasing manager sa isang panel ng mahigit 400 manufacturer. Ang panel ay pinagpangkat-pangkat batay sa detalyadong sector at laki ng lakas-paggawa ng kumpanya , batay sa mga kontribusyon sa GDP.

Kinokolekta ang mga tugon sa survey at sinasalamin nito ang direksyon ng pagbabago kumpara sa nakaraang buwan. Kinakalkula ang isang diffusion index para sa bawat survey variable. Ang index ay ang kabuuan ng porsiyento ng mga tugong ‘mas mataas’ at kalahati ng porsiyento ng mga tugong ‘hindi nabago’. Ang index ay maaaring maging 0 hanggang 100, at ang isang reading na mas mataas sa 50 ay nagsasaad ng pangkalahatang pagtaas kumpara sa nakaraang buwan, at ang mas mababa sa 50 ay pangkalahatang pagbaba. Ang mga index ay ina-adjust ayon sa season.

Ang headline figure ay ang Purchasing Managers’ Index™ (PMI). Ang PMI ay isang weighted average ng sumusunod na limang index: mga bagong order (30%), output (25%), employment (20%), mga oras ng paghahatid ng mga supplier (15%) at mga stock ng pagbili (10%). Para sa pagkalkula ng PMI, ini-invert ang index ng mga oras ng paghahatid ng mga supplier nang sa gayon ay gumagalaw ito patungo sa isang katulad na direksyon kumpara sa ibang mga index

Hindi nirerebisa ang batayang data ng survey pagkatapos ng publikasyon, ngunit maaaring paminsan-minsang irebisa ang mga pana-panahong salik ng pagsasaayos kung naaangkop, na makakaapekto naman sa serye ng data na pana-panahong isinasaayos.

Para sa dagdag na impormasyon sa pamamaraan ng PMI survey, makipag-ugnayan sa economics@spglobal.com.

**Tungkol sa S&P Global (NYSE: SPG)**

Ang S&P Global ay nagbibigay ng mahalagang intelligence. Ibinibigay namin sa mga pamahalaan, negosyo at indibidwal ang tamang data, pagkadalubhasa at konektadong teknolohiya para makagawa sila ng mga desisyon nang may kumpiyansa. Mula sa pagtulong sa mga customer namin na matasa ang mga bagong investment hanggang sa paggabay sa kanila sa ESG at energy transition sa mga supply chain, gumagawa kami ng mga bagong oportunidad, nilulutas namin ang mga hamon at pinapabilis namin ang pag-unlad para sa buong mundo.

Palagi kaming kinukuha ng marami sa mga nangungunang organisasyon sa mundo para magbigay ng mga credit rating, mga benchmark, analytics at mga workflow solution sa pandaigdigang merkado ng kapital, commodity at sasakyan. Sa bawat isa sa mga inaalok namin, tinutulungan namin ang mga nangungunang organisasyon sa mundo na magplano para sa kinabukasan, ngayon. www.spglobal.com.

**PMI**

Available na ngayon ang Purchasing Managers’ Index™ (PMI®) sa higit sa 40 bansa pati na rin sa mga pangunahing rehiyon gaya ng Eurozone. Ang mga survey sa negosyo na ito ay ang mga pinakasinusubaybayan sa mundo, na pinapaboran ng mga bangko sentral, pampinansyal na merkado at ng mga taong gumagawa ng mga pangnegosyong pagpapasya nang dahil sa kakayahan nitong magbigay ng napapanahon, tumpak at madalas ay natatanging mga indicator ng mga paggalaw sa ekonomiya.
www.spglobal.com/marketintelligence/en/mi/products/pmi


**Disclaimer**

Ang mga karapatan sa intelektwal na pag-aari sa data isinaad dito ay pagmamay-ari ng, o nakalisensya sa, S&P Global. Ang anumang hindi awtorisadong paggamit sa anumang lumalabas na data, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, pagkopya, pamamahagi, pagpapadala o iba pang paraan na tulad nito ay hindi pinapahintulutan kung wala itong paunang pahintulot mula sa S&P Global. Hindi magkakaroon ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ang S&P Global para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon (“data”) na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananagot ang S&P Global para sa anumang mga pinsalang espesyal, insidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na magreresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers’ Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng S&P Global Inc o nakalisensya sa S&P Global Inc.

Ang Content na ito ay pina-publish ng S&P Global Market Intelligence at hindi ng S&P Global Ratings, na isang dibisyon ng S&P Global na hiwalay na mina-manage. Ang reproduksyon ng anumang impormasyon, data o materyales, kasama ang mga rating (“Content”) sa anumang anyo ay ipinagbabawal maliban kung may paunang nakasulat na pahintulot ng nauugnay na panig. Ang naturang panig, at mga kaanib at supplier nito (mga “Content Provider”) ay hindi naggagarantiya sa katumpakan, pagiging sapat, pagiging kumpleto, pagiging napapanahon o pagigig available ng anumang Content at hindi responsable ang mga ito para sa anumang mga pagkakamali o pagbubukod (pabaya man o hindi), anuman ang dahilan, o para sa mga resultang nakuha mula sa paggamit ng naturang Content. Hindi mananagot ang mga Content Provider para sa anumang danyos, gastusin, bayad sa abogado, o pagkalugi (kasama ang mga gastos dahil sa nawalang kita at oportunidad) na kaugnay ng paggamit ng naturang Content.




© 2024 S&P Global